JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Husktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhanduhunon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton


OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


# 3



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan - Modyul 1: Kapaligiran at Ikinabubuhay ng mga Lalawigan ng Kinabibilangang Rehiyon



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang**
**Ikaapat na Markahan-Modyul 1: Kapaligiran at Ikinabubuhay ng mga Lalawigan ng Kinabibilangang Rehiyon**
**Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman,kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** **Marilou C. Nobleza**
**Editor:** **Narciso A. Bureros**
**Tagasuri:** **Narciso A. Bureros, Vilma C. Velasco**
**Tagalapat:** **Fritz C. Peñosa**
**Tagapamahala:**
Virgilio P. Batan, Jr. -School Division Superintendent
Lorma I. Pocolan -Asst. Schools Division Superintendent
Amelinda D. Montero - Chief Education Supervisor, CID
Nur N. Hussien - Chief Education Supervisor, SGOD
Monina R. Antiquina, E.M.D- EPSpvr – Aral. Panl
Bernie P. Laranjo - Public Schools District Supervisor
Ronillo S. Yarag - EPSpvr – LRMS
Leo Martinno O. Alejo – PDO II - LRMS

Department of Education – Schools Division of Dipolog City
Olingan, Dipolog City, 7100
Tel No.: (065) 212 -6986
e-mail address: dipologcitydivision@deped.gov.ph



## *Alamin*

Malaki ang kaugnayan ng kapaligiran sa uri ng pamumuhay ng mga tao sa lalawigan ng kinabibilangan rehiyon.

Gamit ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang

1. Naipaliliwanag ang kaugnayan ng kapaligiran sa uri ng pamumuhay ng mamamayan sa lalawigan ng kinabibilangang rehiyon at sa mga lalawigan ng ibang rehiyon. **(MELC-AP3EAP- IVa-1)**
   - nakapag-uugnay ng kapaligiran sa uri ng pamumuhay ng kinabibilangang lalawigan o lungsod; at
   - nakapaglalarawan ng uri ng ikinabubuhay ng kinabibilangang lalawigan o lungsod ayon sa kapaligiran.



## *Balikan*

**Panuto:** Ipamalas ang pagpapahalaga sa pagkakatulad at pagkakaibaiba ng mga kultura gamit ang sining na nagpapakilala sa lalawigan at rehiyon.Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang idinadaos sa Lungsod ng Zamboanga na nagbibigay pugay sa patron?
   A. Zamboanga Hermosa *Festival* B. Megayon *Festival*
   C. Sibug-Sibug *Festival* D. Pagsalabok *Festival*
2. Saan nag-umpisa ang Kinabayo *Festival*?
   A. Lungsod ng Dipolog B. Lungsod ng Pagadian
   C. Lungsod ng Dapitan D. Lungsod ng Zamboanga
3. Ano ang ipinakita ng mga taga-Dipolog sa Pagsalabok *Festival*?
   A. Pagsama-sama ng mga Muslim, lumad at ibang tao na may kultura sa pamamagitan ng sayaw.
   B. Pagpapakita ng misteryo at makukulay na sayaw-drama noong panahon ng Espanyol.
   C. Pagpapakita ng sayaw bilang daan ng pagpapasalamat sa magandang ani ng lugar.
   D. Makulay ng pasasalamat ng magandang ani at pagkakaisa ng pangkat etniko.
4. Alin ang HINDI nagpapakita ng pagmamalaki at pagpapahalaga sa kultura ng lalawigan?
   A. Gumawa ng tula o awit tungkol sa lalawigang tinitirahan.
   B. Gumawa ng patalastas ukol sa produktong *imported*.
   C. Ipakita sa isang dula-dulaan ang pagdiriwang sa lalawigan.
   D. Magpakita ng larong Pinoy na laging nilalaro sa lalawigan.
5. Sino sa kanila ang nagpapahalaga sa kultura ng lalawigan?
   A. Si Ana ay sumali sa patimpalak na pag-awit gamit ang katutubong wika.
   B. Si Luis ay nakasuot ng amerikana.
   C. Laging sinusuot ni Fe ang sapatos na mula ibang bansa.
   D. Mahilig manood ng *Korean* teleserye si Noel.

# Aralin 1 — Kapaligiran at Ikinabubuhay ng mga Lalawigan ng Kinabibilangang Rehiyon



## *Tuklasin*

Saan kumukuha ng ikinabubuhay ang mga tao sa inyong lugar?

Ano ang kaugnayan ng kapaligiran sa uri ng pamumuhay sa inyong lalawigan?

Ating alamin kung ano ang hanapbuhay ngmga tao sa iba't ibang kapaligiran.

### ***Ang Kapaligiran ng mga lalawigan sa Zamboanga Peninsula***

Ang Zamboanga Peninsula ay binubuo ng tatlong lalawigan. May mga kapatagan at bahaging mabundok ang mga lungsod sa rehiyon. Bulubudukin ang hilagang bahagi ng tangway samantalang malawak na kapatagan naman ang timog hanggang kanlurang bahagi nito. Ang buong Zamboanga Peninsula ay maburol, mabundok, at mayroon ding bahaging patag. Mahahaba rin ang dalampasigan dahil napapaligiran ito ng dagat.Dahil sa pisikal na katangian ng mga probinsya, pagtatanim, gawaing pang-agrikultura, pangangalaga ngmga hayop, at pangingisda. Marami ring mga turista ang pumupunta rito na nakatutulong sa hanapbuhay ng mga tao rito

### ***Ang Kapaligiran ng Zamboanga Del Norte***





***en.wikipedia.org*** ***enroutenegros.wordpress.com*** ***en.wikipedia.org***

Dalawa ang lungsod na nasa Zamboanga del Norte: ang Dapitan at Dipolog. Ito ay nasa hilagang bahagi ng rehiyon.May mga lugar dito na matataas tulad ng Bundok Dabiak sa bayan ng Katipunan.May bahaging bulubundukin.Malawak ang dagat at ang lugar na malapit sa dagat ay patag Ito ang lalawigan na pinakamalaki sa buong rehiyon.

Turismo at pangingisda ang pangunahing ikinabubuhay ng mga tao rito. Pagtatanim naman ang ikinabubuhay ng mga taong naninirahan sa bandang gitnang bahagi ng lalawigan.

## ***Ang Kapaligiran ng Zamboanga del Sur***





***en.wikipedia.org***

Ang lalawigang ito ay sentro ng rehiyon. Ang malaking bahagi nito ay mabundok at maburol. Dahil dito, kakaiba ang disenyo ng kanilang *tricycle.*Ginawa itong angkop sa katangiang pisikal ng lugar.Pangunahing hanapbuhay ng mga tao rito ang pagtatanim, pangingisda, at pangangalakal. Isa ring industriya rito ang turismo dahil na rin sa maraming magagandang dalampasigan.

Ang lungsod ng Zamboanga na kilalang *Sardines Capital of the Philippines* ay sagana sa iba't ibang uri ng industriya gaya ng: mga pagawaan ng sardinas at hilaw na materyales mula sa halamang-dagat; ang pabrika ng *copra processing* at *cassava*; pagawaang ng mga muwebles; dekorasyong gawa sa kahoy, kawayan, rattan/oway,plastic at bakal; mga gawaing-kamay mula sa ceramics; kabibe, bao, ng niyog, at iba pang *indigenous materials*; paghahabi; at ang pagmimina ng ginto, *copper*, at *molybdenum.*

Ang lungsod ng Pagadian ay sentro ng komersiyo, industriya; at edukasyon. Marami rin itong mga pagawaan at gusali. Gawaing pang-agrikultura pa rin ang isa sa pangunahing kabuhayan ng lungsod dahil na rin sa katangiang pisikal na mabundok at maburol.

## ***Ang Kapaligiran ng Zamboanga Sibugay***



***tripadvisor.com***



***www.Pinas Muna.com***



***mapio.net***

Nasa gawing hilaga ito ng ng lalawigang ito ang Zamboanga del Norte, sa silangan ang Zamboanga del Sur, at sa gawing timog- kanluran kung saan naroroon ang lungsod ng Zamboanga ay ang Golpo ng Sibugay. May bahagi ng lalawigan na may malawak na kapatagan, ngunit ang iba naman ay maburol at mabundok. Mayaman sa mineral ang lalawigan tulad ng uling at ginto. Marami ring yamang tubig dito dahil sa iba't iba anyong tubig sa kapaligiran. Pangunahing hanapbuhay ng mga tao rito ang pangingisda, pagtatanim at pagmimina.

**Sagutin ang mga sumusunod na tanong:**

1. Anong uri na kapaligiran ang lalawigan ng Zamboanga del Norte?
   ______________________________________________
2. Paano iniuugnay ng mga tao sa lalawigan ng Zamboanga del Sur ang kanilang pamumuhay sa kanilang kapaligiran?
   ______________________________________________
3. Ano ang kaugnayan ng kapaligiran sa pangunahing pamumuhay ng mga tao bilang mga mangingisda sa lalawigan ng Zamboanga Sibugay?
   ______________________________________________



## *Suriin*

**Panuto:** Iugnay ang kapaligiran sa uri ng pamumuhay ng kinabibilangang lalawigan o lungsod. Suriin ito sa pamamagitan ng pagpuno ng tamang sagot sa talahanayan.

| **Zamboanga Peninsula** | | |
|---|---|---|
| ***Lalawigan*** | ***Kapaligiran*** | ***Uri ng Pamumuhay*** |
| Zamboanga del Norte | mataas na lugar-Bundok Dabiak | pagtatanim |
| | malawak ang dagat | pangingisda |
| | maputing baybayin | **1.**____________ |
| Zamboanga del Sur | **2.**__________________________ | turismo |
| | malawak na dagat na pagkukunan ng hilaw na materyales mula sa halamang-dagat | **3.**__________ |
| | **4.**______________________________ | gawaing pang-agrikultura |
| Zamboanga Sibugay | mayaman sa mineral: uling at ginto | **5.** |
| | maburol at mabundok | pagtatanim |
| | iba't iba anyong tubig | pangingisda |



## *Pagyamanin*

**Gawain A.** Panuto: Ilarawan ang uri ng ikinabubuhay ng kinabibilangang lalawigan o lungsod ayon sa kapaligiran.Isulat sa patlang ang sagot.

_________1. Mabundok at maburol ang malaking bahagi ng lalawigang ito.
_________2. Ito ang ikatlo sa pinakamaliit na lalawigan sa buong Rehiyon IX.
_________3. Ang Bundok Dabiak ay nasa lalawigan ng...
_________4. Mayaman sa mineral tulad ng uling at ginto, ang lalawigang ito.
_________5. Lalawigang sagana sa iba't ibang uri ng industriya.

**Gawain B.** Ilarawan ang uri ng ikinabubuhay ng kinabibilangang lalawigan o lungsod ayon sa kapaligiran Hanapin sa kahon ang sagot.

| | |
|---|---|
| A. malawak ang dagat | B. maputing baybayin |
| C. maburol at mabundok | D. mayaman sa mineral |
| E. sagana sa pagawaan | F. dalawang uri ng panahon |

_____1. kakaiba ang disenyo ng *tricycle*
_____2. *Sardines Capital of the Philippines*
_____3. sentro ng Turism
_____4. pabrika ng *copra processing* at *cassava*
_____5. pagmimina ng uling at ginto



## ***Gawain:*** *Gawa Mo, Paliwanag Mo!*

**Panuto**:Ipaliwanag ang kaugnayan ng kapaligiran sa uri ng pamumuhay ng mamamayan sa lalawigan ng kinabibilangang rehiyon at sa mga lalawigan ng ibang rehiyon sa pamamagitan ng pagguhit na nasa tatlong kahon sa ibaba. Ipaliwanag ito pagkatapos.

**Uri ng Pamumuhay**

| ***1. kagubatan*** | ***2. maburol*** | ***3. malapit sa lawa*** |
|---|---|---|
| | | |

## ***Isaisip:*** *Nararamdaman Mo, Ipahayag Mo!*

**Panuto:** Ipahayag ang kaugnayan ng kapaligiran sa uri ng pamumuhay ng kinabibilangang lalawigan o lungsod.

1. Paano mo maiuugnay ang iyong kapaligiran sa uri ng pamumuhay sa kinabibilangang lalawigan?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
2. Ilarawan ang uri ng ikabubuhay ng kinabibilangang lalawigan o lungsod ayon sa kapaligiran.
   ______________________________________________
   ______________________________________________



## *Tayahin*

**Panuto:**Ipaliwanag at ilarawan ang kaugnayan ng kapaligiran sa uri ng pamumuhayng mamamayan sa kinabibilangang lalawigan o lunsod at rehiyon. Hanapin ang sagot sa Hanay B mula sa mga pahayag sa *Hanay A*.

| **A** | **B** |
|---|---|
| ____1. Si Mang Noli ay isang magsasaka. | a. maburol at mabundok |
| ____2. Sumama si Kuya kay Tatay sa pangingisda. | b. malapit sa dagat |
| ____3. Sa minahan umaasa ang pamilya ni Mang Ben. | c. sagana sa mineral |
| ____4. Nagtataka ang apo ko nang makita ang ibang disenyo ng *tricycle* na sinasakyan namin. | d. maputing baybayin |
| ____5. Abala sa paglilinis ang mga tao sa tabing-dagat, dahil darating ang mga turista. | e. kapatagan |
| | f. kagubatan |



## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Iguhit ang kapaligiran at ang uri ng pamumuhay na nakaugnay sa lalawigan na tinitirahan mo.



## Susi sa Pagwawasto

***Pagyamanin Mo***

Gawain A
1. Zamboanga del Norte
2. Zamboanga Sibugay
3. Zamboanga del Norte
4. Zamboanga Sibugay
5. Zamboanga del Sur

Gawain B
1.C 3. B 5. D
2. A 4. E

***Tuklasin Mo***

1. may lugar na matataas, may bahaging bulubundukin, patag ang malapit sa dagat
2. malawak ang dagat kaya maraming pagawaan ng sardinas at halamang-dagat; iniangkop ang disenyo ng tricycle dahil mabundok at maburol ang kapaligiran.
3. Ang Zamboanga Sibugay ay may iba't ibang anyo ng tubig kaya marami ang mangingisda.

***Tayahin***

1.e 3.c
2. b 4. a
3. c 5. d

***Isaisip***

May Rubriks para dito

***Gawain/Karagdagang Gawain***

May Rubriks para dito.

***Balikan Mo***

1. A
2. C
3. A
4. B
5. A

***Suriin***

1. Turismo
2. magandang dalampasigan
3. pangangalakal
4. maburol at mabundok
5. pagmimina

***Isaisip:*** *Nararamdaman Mo, Ipahayag Mo!*

**Rubriks Sa Pagmamarka sa Pagpapaliwanag**

| ***Pamantayan*** | ***Kahanga-hanga*** | ***Mahusay*** | ***Magaling*** |
|---|---|---|---|
| ***Nilalaman*** | ***(5puntos)*** | ***(3-4)*** | ***(2-1)*** |
| *Pagkamalikhain sa paglahad ng ideya* | *Naipaliwanag ng kahanga-hanga.* | *Naipaliwanag ng mahusay* | *Naipaliwanag ng magaling* |
| *Istilo sa pagsulat* | *Kahanga-hanga ang istilo ng pagsulat* | *Mahusay ang istilo ng pagsulat* | *Magaling ang istilo ng pagsulat* |

*Gawain/Karagdagang Gawain:*

**Rubriks Sa Pagmamarka sa Pagguhit**

| **Mga Pamantayan** | **Laang Puntos** | **Aking Puntos** |
|---|---|---|
| **Naiguhit ng napakahusay ang bawat** | | |
| Naiguhit ng napakahusay ang bawat klase ng hayop taglay ang emosyon o damdamin nito | 10 | |
| Naiguhit ng sadyang di-mahusayang bawat klase ng hayop taglay ang emosyon o damdamin nito | 8 | |
| Naiguhit ng katamtaman ang bawat klase ng hayop taglay ang emosyon o damdamin nito | 6 | |
| Naiguhit ng mahusay ang bawat klase ng hayop taglay ang emosyon o damdamin nito | 5 | |
| | | |
| Kabuuang Puntos | 10 | |
| Puna ng guro | | |

**Sanggunian:**


- Araling Panlipunan Kagamitan ng Mag-aaral- Reg. IX- Zamboanga Peninsula
- Google: ***en.wikipedia.org*** ***tripadvisor.com*** ***enroutenegros.wordpress.com*** ***www.Pinas Muna.com*** ***mapio.net***